



Hulyo 27, 2020

Mahal na mga Magulang at Tagapangalaga,

Ilang linggo na ang nakaraan nang ako ay sumulat upang magbigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa aming proseso sa muling pagbubukas para sa pang-akademikong taon 2020-2021. Ako ngayon ay sumusulat upang i-update kayo sa aming mga plano. Alam ko na ang ating buong pamayanan sa paaralan ay sabik na naghihintay para sa impormasyon at ang iyong pasensya at pang-unawa ay pinahahalagahan habang inilulunsad namin ang kumplikadong prosesong ito. Dahil sa pagsisimula ng gawain sa aming plano na muling magbukas noong unang bahagi ng Mayo, patuloy na nananatiling totoo na ang mga ideya na maaaring gumana sa isang araw, ay maaaring hindi na puwede sa susunod.

Ang kalusugan at kaligtasan ng ating pamayanan sa paaralan ang naging sentro ng aming pagpapalano at paggawa ng desisyon sa muling pagbubukas ng pasukan. Nanatiling pangunahing prayoridad namin na tiyakin na maximize ang pag-aaral, matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral para sa pakikipag-ugnayan sa lipunan at emosyonal, at nag-aalok ng kakayahang umangkop sa pamilya at kawani. **Sa puntong ito, ang IMS ay nagpapalano ng isang hybrid na muling pagbubukas sa Agosto 31 na nagbabalanse ng personal (in-person) at malayo (remote) na pag-aaral para sa lahat ng mga mag-aaral.** Kami ay nakatuon din sa pag-aalok sa lahat ng mga pamilya ng IMS ng opsyon upang makatanggap ng ganap na virtual na pagtuturo.

*Ano ang hitsura ng isang hybrid na muling pagbubukas (hybrid reopening)?*

- Ang mga pamilyang Pre-Kindergarten ay magkakaroon ng opsyon upang bumalik para sa 4 na araw/linggo na personal (in-person) na pagtuturo at 1 araw/linggo ng virtual na pag-aaral. Ang IMS ay hindi mag-aalok ng isang buong virtual na opsyon para Pre-Kindergarten na mga mag-aaral.
- Para sa lahat ng mga pamilya na nasa antas K-8 na pumipili ng in-person/hybrid na pagtuturo, itatalaga ang mga mag-aaral sa Pangkat A o Pangkat B.
  - **Pangkat A** na mga mag-aaral ay personal na papasok sa paaralan tuwing Lunes at Martes bawat linggo, habang ang mga mag-aaral na nasa Pangkat B ay tatanggap ng remote (malayo) na pagtuturo tuwing Lunes at Martes. Ang aming mga gusali sa paaralan ay araw-araw na lilinisin at didisimpektahin, ngunit pagkatapos ng Martes na pasukan, ang mga gusali ay sasailalim sa mas detalyadong paglilinis at pagdidisimpekta.
  - **Pangkat B** na mga mag-aaral ay papasok ng personal sa paaralan tuwing Miyerkules at Huwebes, habang ang mga mag-aaral sa Pangkat A ay tatanggap ng remote (malayo) pagtuturo tuwing Miyerkules at Huwebes. Sa Biyernes ang lahat ng mga mag-aaral ay makakatanggap ng remote na pagtuturo, habang ang mga gusali ay lubos na lilinisin at idididisimpekta.

Holy Cross  
144 E. Mt Airy Avenue

Our Mother of Sorrows/  
St. Ignatius of Loyola  
617 N. 43rd Street

St. Barnabas  
6334 Buist Avenue

St. Cyril of Alexandria  
716 Emerson Avenue

St. Frances Cabrini  
405 N. 65th Street

St. Gabriel  
2917 Dickinson Street

St. Helena-Incarnation  
6101 N. 5th Street

St. Malachy  
1012 W. Thompson Street

St. Martin de Porres  
2300 W. Lehigh Avenue

St. Martin of Tours  
5701 Loretto Avenue

St. Raymond of Penafort  
7940 Williams Road

St. Rose of Lima  
1522 N. Wanamaker Street

St. Thomas Aquinas  
1631 S. 18th Street

St. Veronica  
3521 N. 6th Street

The DePaul Catholic School  
44 W. Logan Street

### **Kailangan namin ang iyong tulong!**

**Upang maunawaan ang mga kagustuhan sa muling pagbubukas, pangangailangan ng transportasyon at teknolohiya, napakahalaga para sa iyo na makumpleto ang napakaikling [Survey na Puna ng Pamilya \(Family Feedback Survey\)](#).**

Ang mga sagot ay dapat maibigay sa **Miyerkules, Hulyo 29** upang maaari naming gawin ang mga pagsasaayos sa aming plano nang mabilis hangga't maaari. **Ang iyong tugon sa survey ay mahalaga sa aming pagpapalano!**

### **Mga Rekomendasyon ng Plano**

Alinsunod sa mga medikal at kalusugan na patnubay mula sa Kagawaran ng Kalusugan ng Philadelphia, Kagawaran ng Edukasyon ng Pennsylvania, at iba pang mga organisasyong pangkalusugan ng gobyerno, ang aming muling pagbubukas na plano ay binuo sa ilalim ng limang pangunahing simulain, lahat kritikal sa pagtulong sa amin na mapanatili ang isang malusog na kapaligiran: ***Pagsusuri, Kalinisan, Pagdistansya, Pagsuot ng Maskara, at Paglilinis.***

- ***Pagsusuri*** –Ang pinakamahalagang hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng virus ay para sa mga magulang na magsagawa ng araw-araw na pagsusuri ng sintomas ng kanilang mga anak ***bago umalis sa bahay sa umaga***. Ang mga mag-aaral at kawani na masama ang pakiramdam, may sakit, o may mga sintomas ay kailangang manatili sa bahay.
- ***Kalinisan*** – Ang lahat ng mga paaralan ay kakailanganin maglagay ng paalala sa kalinisan, mga personal na sanitizer, at iba pang mga *aprubado ng CDC* na mga pang-sanitize na produkto at kagamitan upang mapalakas ang mga kasanayan sa kalinisan sa ating mga gusali. Isusulong din namin ang mga hakbang sa paglilinis sa araw ng pasukan.
- ***Pagdistansya*** – Sa lahat ng mga pangyayari, aming ima-maximize ang pisikal at panlipunan na pagdistansya (***physical and social distancing***) hangga't maaari. Ang mga layout ng silid-aralan ay mababago upang makamit ang inirekumendang 6 na talampakan na layo sa pagitan ng mga mag-aaral, na posible lamang sa pamamagitan ng isang hybrid na modelo. Ang mga marka sa sahig o espasyo at iba pang palatandaan ng direksyon ay magagamit din upang gabayan ang mga rekomendasyong ito. Bilang karagdagan, ang mga pagbisita ng mga taong nasa hustong gulang at magulang ay lubos na magiging limitado at patuloy naming hihikayatin ang mga pagkakataon ng virtual na pagpupulong hangga't maaari.
- ***Pagsusuot ng Maskara/Mga Takip sa Mukha*** –Dahil ang mga maskara, mga panangga sa mukha, o iba pang mga takip ng mukha ay nagpapabagal sa pagkalat ng virus, ***ang paggamit ng mga maskara at mga takip ng mukha ay inaasahan ng mga mag-aaral at kawani***. Bilang extrang karagdagan sa bawat gusali, ang mga kawani at mag-aaral ay bawat isang makakatanggap ng isang nalalabhan, magagamit muli na maskara sa pagsisimula ng taon ng pasukan.

- **Paglilinis** –Ang mga pasilidad na departamento ay maglalagay ng mas pinahusay at pinatindi na sistema ng paglilinis sa lahat ng mga lugar na gagamit ng mga suplay at pang-disimpekta na naaprubahan para magamit laban sa COVID-19. Ang pagpabuti ng bentilasyon, pag-sanitize, at karagdagang paglilinis ng mga madalas mahawakan na mga lugar ay bahagi din ng plano upang ligtas na muling makapagbukas.

### **Mga Pinansyal na Bagay**

Nakatuon ang IMS sa pagtatrabaho at pakikipagtulungan sa mga magulang, tinitiyak ang kalidad ng pag-aaral para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng in-person at online na pagtuturo, at pinapanatili ang kaligtasan ng aming mga kawani at mag-aaral. Tulad ng nasabi namin dati, kinikilala namin na ang pandemya at resulta na mga hakbang sa pananatili sa bahay ay lumikha ng pinansyal na pasanin para sa ating mga pamilya. Gayunpaman, ang katotohanan ng pagbibigay ng mga kagamitan at istraktura na kinakailangan upang mapanatiling ligtas ang lahat ay magastos din, bilang karagdagan sa mga regular na gastos tulad ng suweldo ng guro at mga gamit sa paaralan. Habang ang matrikula ay patuloy na mabigat na sinusupportahan upang gawin itong abot-kaya hangga't maaari, kami ay patuloy na naghahanap ng mga ibang paraan upang magbigay ng karagdagang suporta sa matrikula. Gayunpaman, hindi namin maiisyu ang mga karagdagang diskwento o mag-alok ng mas bawas na matrikula. **Kung hindi mo pa napunan ang iyong mga form sa tulong pinansyal para sa paparating na taon ng pasukan, mangyaring gawin ito sa lalong madaling panahon.**

### **Mga Susunod na Hakbang**

Patuloy kaming magbabahagi ng higit pang mga detalye ng aming mga plano para sa muling pagbubukas, at kasama ang feedback mo sa [Survey ng Pamilya \(Family Survey\)](#), karagdagang impormasyon sa aming virtual na opsyon sa pagkatuto. Magbibigay din kami ng mga update sa anumang mga pagbabago na nauugnay sa pandemya na maaaring makaapekto sa aming mga plano sa muling pagbubukas. Habang nagpapatuloy tayo patungo sa pagdesisyon, ipinapangako namin na ipabatid sa inyo ang aming direksyon.

Nais kong pasalamatan ang mga miyembro ng pamilya na lumahok sa ating Stakeholder Advisory Group, na nagbibigay ng mahalagang puna at suporta sa proseso ng pagpapalano para sa muling pagbubukas.

Salamat sa iyong patuloy na pakikipagtulungan at pangako sa IMS.

Taos-puso,

Bruce Robinson  
President & CEO  
Independence Mission Schools

**\*\* Mangyaring tandaan na kumpletuhin ang [Survey ng Pamilya \(Family Survey\)](#) sa Miyerkules, Hulyo 29. Ang impormasyong ito ay mahalaga na makatulong sa amin na magpatuloy sa proseso ng pagpapalano.**

## Buod ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan

### Paglilinis ng Mga Pasilidad, Pag-sanitize, Pagdisimpekta, at Bentilasyon

Kapag ang mga mag-aaral at kawani ay bumalik sa paaralan, isang pangunahing prayoridad ang pagtiyak na ang mga ibabaw sa buong gusali ay madalas na nalinis at nadisimpekta. Ang isang ganap na lubos na proseso ng pagdidisimpekta - na may espesyal na kagamitan, na ginagamit ng isang nakakontratong tagapaglaan (provider) – ay mangyayari bawat linggo sa bawat gusali; mas mahalaga, gagawin ito sa *pagitan* ng mga oras na ang bawat "batch" ng mga mag-aaral ay nasa isang espasyo. Bilang karagdagan, ang mga madalas mahawakan na mga ibabaw ay lilinisin at didisimpektahin ng maraming beses bawat araw. Ang mga Custodian na kawani ay sasanayin sa kung paano lubusan at ligtas na linisin ang mga ibabaw na ito; Gagamitin ang mga listahan o checklist upang matiyak na ang lahat ng mga kinakailangang ibabaw ay nalinis sa tamang dalas; patuloy na titiyakin ng koponan ng IMS Operations ang mga paaralan na may mga gamit sa paglilinis na kailangan nila, at susuportahan ng mga tagapamahala ng mga School Leaders (Lider ng Paaralan) ang mga Lider ng Paaralan na may lingguhang pagsusuri sa mga pamamaraan at mga checklist upang matiyak na ang lahat ng mga protokol sa paglilinis ay ipinatutupad nang may katapatan. Sa pang-araw-araw na batayan, kukumpletuhin ng mga Lider ng Paaralan ang mga pagsusuri (walkthrough) ng gusali upang matiyak na ang lahat ng mga nasa listahan ay nakumpleto sa paligid ng gusali. Ang mga kasanayan sa bentilasyon - mula sa isang pagsusuri ng mga umiiral na mga sistema at pagkukumpuni kung kinakailangan, hanggang sa mga pangunahing kasanayan tulad ng pagpapanatiling bukas ng mga pintuan at mga bintana - ay bahagi din ng planong mabawasan ang panganib.

### Pagdistansya sa Kapwa-Tao (Social Distancing) at Iba pang mga Protokol sa Kaligtasan

Tatanggalin ang mga laman ng mga silid-aralan maliban sa mga mesa at mahahalagang materyales sa pag-aaral. Ang bawat silid-aralan ay magiging tahanan ng isang "batch" o "pod" ng mga mag-aaral mula sa Pangkat A (Lunes/Martes) at isang batch mula sa Pangkat B (Miyerkules/Huwebes). Ang mga batch ay magkakaroon ng mga nasa pagitan 8-15 na mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay may distansya na 6 na talampakan sa lahat ng mga silid-aralan na may mga mesa na nakaharap sa parehong direksyon. Sa mga antas ng grade-K5 (sa karamihan ng mga paaralan) ang mga mag-aaral na ito ay gugugol ng halos buong araw kasama ang isang homeroom na guro. Sa mga nasa grade 6-8 na baitang, ang mga mag-aaral ay makakakita ng mga departmentalized na mga guro, ngunit ang mga guro ay hindi magtuturo sa mga mag-aaral sa labas ng mga tukoy na grade band o baitang. Ang mga mag-aaral ay mananatili sa kanilang silid-aralan sa buong araw - maliban sa recess o PE - at hindi pupunta sa cafeteria para sa tanghalian o sa isang silid-aklatan o multipurpose na silid kung saan kabahagi nila sa isang espasyo ang ibang mga mag-aaral sa labas ng kanilang batch. Ang mga mag-aaral at kawani ay maghuhugas o maglilinis ng kanilang mga kamay ng hindi bababa sa 4 na beses bawat araw sa paaralan. Ang lahat ng mga mag-aaral at kawani ay makakatanggap ng pagsasanay sa social distancing, pagsusuot ng maskara, ang paglilinis ng mga kamay upang suportahan ang isang ligtas at malusog na kapaligiran sa paaralan. Ang mga bumibisita – kabilang ang mga pamilya/tagapangalaga - ay hindi papayagan sa gusali maliban sa matinding mga pangyayari na nangangailangan ng aksyon. Ang paglalagay ng pagitan sa bus ay pananatilihin at sa pagdating at pag-alis sa pamamagitan ng maingat na kasanayan sa paghahatid at pagsundo.

### Pagsubaybay sa Kalusugan ng Mag-aaral at Kawani

Ang lahat ng mga mag-aaral at kawani ay gagawa ng isang pagsusuri ng sintomas sa bahay - kabilang ang isang maikling talatanungan tungkol sa potensyal na pagkakalantad at sintomas at pagsusuri ng temperatura - tuwing umaga bago umalis papunta sa paaralan. Ang impormasyong ito ay ipagbibigay-alam sa paaralan sa totoong oras (system-based system o google form), at ang sinumang mga mag-aaral na hindi nasuri sa bahay ay susuriin pagkadating sa paaralan. Kapag ang isang miyembro ng kawani o mag-aaral ay nagkasakit sa paaralan, agad silang pauwiin sa bahay at maghihintay sa isang itinalagang espasyo na nakabukod hanggang sila ay makaalis/sunduin. Ang nars ng paaralan at/o Lider ng Paaralan - sa konsultasyon sa IMS HR na departamento at Pandemic Team at

mga lokal na awtoridad sa kalusugan - ay aalamin ang pangangailangan ng kuwarentina at sa pagpapauwi ng isang batch ng mga mag-aaral o antas ng baitang. Ang mga miyembro ng kawani o mag-aaral na positibong nasuri ay mananatiling nakakuwarentenas ayon sa kasalukuyang mga alituntunin ng CDC (tulad ng pagkakasulat ngayon nito, na 10 araw mula sa pagsisimula ng mga sintomas, walang lagnat sa 24 na oras, o dalawang negatibong pagsusuri) bago bumalik sa paaralan. Ang mga kawani na hindi makakabalik ay makikipagtulungan sa kanilang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan at ng IMS HR Department upang matukoy ang mga makatuwirang akomodasyon na magtrabaho mula sa kanilang bahay sa paghahatid ng remote na pagtuturo. Ang mga mag-aaral na piniling hindi bumalik ay maaaring pumili ng buong remote na pagtuturo. Ang Pandemic Team ay makikipagtulungan sa mga lokal na awtoridad sa kalusugan upang matukoy ang mga plano ng komunikasyon para sa mga pamilya sakaling may kumpirmadong kaso, upang mabilis na ipagbigay-alam sa mga pamilya habang pinapanatili ang pagiging kumpidensyal. Ang mga Lider ng Paaralan na namamahala at mga nars ng paaralan ay kapwa magkakaroon ng pagsasanay sa pagsubaybay sa kalusugan at susundin ang protokol para sa pagbubukod at pagpapauwi ng mga mag-aaral. Ang mga tagapamahala ng Lider ng Paaralan ay magsasagawa ng isang lingguhang pagsusuri ng mga protokol at anumang mga pagkakataon ng mga naiulat na sintomas at mga desisyon ng mga namumuno ng Paaralan tungkol sa pagbubukod.

## Iba pang mga Pagsasaalang-alang para sa mga Mag-aaral at Kawani

Ang lahat ng mga miyembro ng kawani ay magsusuot ng naaprubahan na mga takip ng mukha (naisusuot sa paligid ng tainga, buong natatakpan ang bibig at ilong) habang nasa campus, pagtanggap lamang ng mga maskara kapag nasa isang silid na walang ibang mga bata o matanda o kung nasa labas at 6 na talampakan o higit pa ang layo mula sa iba. Ang mga kawani na may mas mataas na peligro mula sa COVID-19 ay makikipagtulungan sa kanilang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan at ng IMS HR Department upang matukoy ang mga makatuwirang akomodasyon; ang mga mag-aaral na may mga mataas na peligro ay maaaring pumili para sa ganap na remote na pagtuturo. Ang IMS home office ay nakikipagtulungan sa mga staffing na ahensya at sa in-house na modelo upang matiyak ang isang sapat na bilang ng mga kapalit (substitutes) na magagamit kung sakaling hindi makakapasok ang guro. Karamihan sa mga guro ay magkakaloob ng parehong in-person at remote na pagtuturo, habang ang ilan ay buong responsable para sa remote na pagtuturo.

**[Mangyaring tandaan na kumpletuhin ang Survey ng Pamilya \(Family Survey\) sa Miyerkules, Hulyo 29. Ang impormasyong ito ay mahalaga na makatulong sa amin na magpatuloy sa proseso ng pagpapalano.](#)**

